REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 10

KAPASIYAHAN NG PAGLALAAN NG HALAGANG GUGUGULIN SA PAGBILI NG DALAWAMPUNG (20) PULUTONG NG "SPORTS KIT" NA KINABIBILANGAN NG BASKETBALL, VOLLEYBALL, TABLE TENNIS SET AT CHESS SET NA NA NAGKAKAHALAGA NG ANIM NA LIBO WALONG DAANG PISO (₱6,800).

SAPAGKAT, ang mga kagamitang panlaro ay kailangan at kapakipakinabang sa ating mga kababayan lalong-lalo na sa mga kabataan;

SAPAGKAT, ang pagbibigay ng kagamitang panlaro ay mainam na libangan ng mga kabataan at susi ito upang maiwaksi sila sa masasamang bisyo;

SAPAGKAT, ang palakasan ay nagbibigay ng kalusugan hindi lamang sa pangangatawan kungdi sa pag-iisip man;

SAPAGKAT, pagkatapos ng masusing pag-aaral ang mga nasabing kagamitang panlaro ay kailangang maibigay sa mga iba't-ibang samahan o asosasyon na naglalayon na mapabuti at maisaayos ng naaayon lamang ang mga mamamayan sa pamamagitan ng palakasan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay naglalaan ng halagang ANIM NA LIBO WALONG DAANG PISO (₱6,800.00) na galing sa kabang bayan upang mabili ang mga nasabing kagamitang panlaro.

PINAGTIBAY NG NAKARARAMING KASAPI ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang panglabing-dalawang (12th) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-3 ng Mayo, 1988.

PINATUTUNAYANG TOTOO:

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY: **MAYO 3, 1988**